

## The Work Of The Triune God Before Time Began

Ano ang Ginagawa ng Trinity Bago Nilalang ng Dios Anak ang Buong Sanglibutan?

**Introduction.** Balangkas at buod ng kasagutan ng katanungan na tuntunin ay tatlo:

1. Living. Silang tatlo ay pawang nabubuhay na doon pa man sa walang hanggan bago pa nilalang ng Dios Anak ang sanglibutan;
2. Loving. Silang tatlo ay pagibig na doon pa man sa walang hanggan bago pa nilalang ng Dios Anak ang sanglibutan;
3. Covenanting. Silang tatlo ay nagkakasunduan doon pa man sa walang hanggan bago pa nilalang ng Dios Anak ang sanglibutan.

A. **Living**. Bawat isa sa Trinity ay nabubuhay na doon pa man sa kawalang hanggan.

1. 1 Thess. 1:9-10 - patungkol sa Dios Ama, He is the living and true God
2. 1 Jn. 5:20 – patungkol sa Dios Anak, He is the true God and eternal life
3. Heb. 9:14 – patungkol sa Dios Espirito Santo, He is the eternal Spirit

Doon pa man sa walang hanggan, magkakasama na nabubuhay na ang tatlong magkakabukod na Persona ng Trinity na nasa uring Dios, samakatuwid, iyong Ama na uring Dios, iyong Anak na uring Dios at ang Espirito Santo na uring Dios. Ngunit pansinin na may distinctions, may pagkakaiba iyong pagkakataguri sa kanila. Subalit, silang tatlo doon pa man sa walang hanggang ay nabubuhay na ng buhay na walang hanggan.

1. Paano nabubuhay na sama-sama iyong tatlong magkakabukod na Persona (Ama, Anak, Espirito Santo) na nasa uring Dios? (Jn. 16:15; 17:10-24; Matt. 3:17; 17:1-5)
  - a. Ibinigay ng Ama ang Kaniyang lahat sa Anak (Jn. 16:15; 17:10-24; Matt. 3:17; 17:1-5)
  - b. Lahat ng kalugod-lugod sa Ama ay siyang lagging ginagawa ng Anak (Jn. 8:29 And he that sent me is with me: the Father hath not left me alone; for I do always those things that please him; Joh 5:19 Then answered Jesus and said unto them, Verily, verily, I say unto you, The Son can do nothing of himself, but what he seeth the Father do: for what things soever he doeth, these also doeth the Son likewise.)
  - c. Lahat ng Espirito Santo ay Kaniyang ipinagkaloob sa Anak (Heb. 1:8-9; Jn. 3:34; 16:13-15)
  - d. Itong tatlong magkakabukod na mga Persona na uring Dios, Sila ay nagsama-sama at ang Kanilang pagsama-sama na mayroong pinapanuntunan na mga tuntunin na walang hanggan – mga eternal principles na hindi na maaaring baguhin pa. bakit hindi na maaaring baguhin pa?
    - 1) Dahil ang Ama ay hindi magiiba ng disposition (jas. 1:17 – ang Ama ay hindi magbabaling ng disposition, no variability neither is there a shadow of turning). Kapag ang Ama aynagpasiya na pairalin ang isang tuntunin, iyon ay walang bawian at iyon ay patuloy na paiiralin.
    - 2) Sa Heb. 13:8, iyong Anak, samakatuwid ang Panginoong Jesucristo ay Siya rin kahapon, ngayon at magpasawalang hanggan. Kaya immutable Siya; hindi nagiiba. Sa Heb. 1:8-12, iyong Anak na tinagurian, ipinakilala at ipinapahayag ng Dios Ama na iyong Anak na Kaniyang kinakausap na Dios, iyan ang Panginoon na nagtatag ng kalupaan at bumubuo ng kalangitan sa Kaniyang kamay. Ang buong sanglibutan na ito ay magiiba, subalit ang Anak na ito na Dios ay hindi magiiba kundi mananatili na Siya magpakailanman. Iba ang immutability of God the Son being God the Son kaysa doon sa Dios Anak bilang Dios Anak na nagkatawang tao. dahil iyong Kaniyang katawang tao ay inilakip lamang sa Kaniyang pagka-Dios ngunit hindi nagiiba ang Kaniyang pagka-Dios. kaya iyong Kaniyang panuntunan o prinsipio ay hindi rin magiiba. Kaya kung ano ang kapasalahan ng Anak ay patuloy Niyang paiiralin.
    - 3) Itong Espirito Santo ay hindi rin magiiba dahil ang Espirito Santo ay the eternal Spirit. (Heb. 9:14)

Dahil diyan, ang bawat isa sa Trinity, ang tatlong magkakabukod na Persona na uring Dios, bawat isa ay hindi nagiiba sa ganang sarili Niya sa pagka-Dios at hindi nagiiba ng Kaniyang panuntunan o prinsipio o disposition. Kaya kung ano ang panuntunan ng bawat isa sa kanila ay patuloy iyon na iiral.

2. Anong panuntunan?

a. Panuntunan ng Dios Ama. Iyong Ama ay ibinigay Niya ang Kaniyang Ihat sa Anak. (Jn. 16:15) Sa Col. 1:19, ang kaluguran o kasiyahan ng Dios Ama ay ang kapuspusan ng lahat ay tumahan, mabubuhos na ang lahat doon sa Anak. Eph 1:10 That in the dispensation of the fulness of times he might gather together in one all things in Christ, both which are in heaven, and which are on earth; even in him.)

1) Paghahalintulad: Kung ang tatay ay mahal na mahal niya ang kaniyang anak, buhos na buhos at panatag na panatag ang loob ng ama doon sa anak. Ngayon, ang pinak-perfect na father ay God the Father at ang pinak-perfect na son ay Gd the Son, the Lord Jesus Christ. Kaya ang lahat ng sa Ama ay Kaniyang ibinigay nang todo sa Kaniyang Anak, ang Paginoong Jesucristo. Ang kaluguran ng Ama ay ang kapuspusan ng lahat ay tumahan doon sa Anak; pati ang kapuspusan ng Ama ay kabilang doon sa kagustuhan ng Ama na tumahan doon sa Anak (Jn. 17:10-24 – ang kagustuhan ng Ama ay tumahan lahat doon sa Anak.

2) Iyan ay wala nang bawian. (Jas. 1:17) Kaya iyong Dios Ama ay “All for Jesus” dahil ang Ama ay nagtalaga ng lahat sa Panginoong Jesucristo. Kung gusto mong kumapurme sa kagustuhan ng Dios Ama, italaga mo ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo. Kung hindi mo itinalaga ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo, kinontra mo ang disposition ng Dios Ama na lahat ay maitalga sa Dios Anak at dahil hindi mo ginagawa ang kalooban ng Ama na nasa langit, hindi ka makakapasok sa kaharian sa langit. (Matt. 7:21-24) Kahit manalangin ka ng manalangin sa Dios Ama ngunit kinontra mo naman ang kagustuhan ng Dios Ama na maitalaga ang lahat sa Kaniyang bugtong na Anak.

3) Ngayon, kung magpasiya ka na italaga mo ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo, kung ganoon, pati panalangin mo ayitalalaga mo sa Panginoong Jesucristo. Samakatuwid, ang panalangin mo ay naka-address lamang sa Panginoong Jesucristo bilang Siya ang iyong eternal High Priest after the order of Melchizedek (Heb. 6:20; 7:25) seeing that He is able to save them to the uttermost that come to God through Him seeing that He ever lives to make intercession for them.

b. Panuntunan ng Dios Anak

1) Sa Jn. 8:29, ang Dios Ama na nagsugo ng Dios Anak ay hindi Niya iniwan ang Dios Anak na nagiisa. Ang Ama ay lagging kasama ng Anak at hindi Siya nagiisa sapagkat lahat ng ginagawa ng Anak ay pawang kinalulugdan ng Ama at lahat ng kaluguran ng Ama ay lagging ginagawa ng Anak. Sa Jn. 5:19, ay sinasabi ng Panginoong Jesucristo ay wala Siyang ginagawa na hiwalay sa Ama, samakatuwid, partnership iyan. Pero, lahat ng Kaniyang ginagawa ay ipinapakita ng Ama at kung ano ang ginagawa ng Ama au siya ring ginagawa ng Anak. Samakatuwid, Sila ay co-equal in capabilities. Ang Ama at ang Anak ay magkapantay, magkatumbas sa kakayahan.

2) Lahat ng kalugod-lugod sa Ama ay hindi ang Ama ang gumagawa kundi ang Anak ang laging gumagawa. Kaya kung gusto ng Ama na malalangang sanglibutan, ang lumalalang sa sanlibutan ay hindi ang Ama kundi ang Anak. Kung gusto ng Ama na ang sanlibutan ay maligtas sa kasalanan, sa kamatayan at sa impiyerno, ang gumanap ng pagliligtas at pagtutubos sa sanlibutan ay hindi ang Dios Ama kundi ang Dios Anak. Dahil ang kalugodlugod sa Ama ay ang lagging gumagawa ay ang Anak. Dahil diyan ang sabi ng Dios Ama ay tungkol sa

Anak, "Ito (ang Dios Anak na nagkatawang tao) ang sinisinta kong Anak na Siya kong kinalulugdan."

- c. Panuntunan ng Dios Espirito Santo. Dahil doon, ibinigay ng Dios Ama ang lahat ng Dios Espirito Santo sa Anak at sumangayon naman ang Dios Espirito Santo na lahat ang sa Kaniya ay doon sa Anak maibigay (Jn. 3:34; Heb. 1:8-9) upang ang Anak ay maging Jesus Christ, Jesus, the Anointed forever. Kaya iyong Espirito Santo ay laging lumalakip at kumakasi sa Dios Anak na si Jesucristo dahil ang Holy Spirit ay "All for Jesus."
  3. Kaya iyong Trinity (God the Father, God the Son, God the Holy Spirit) ay All for Jesus. Samantala, itong Dios Anak ang Siyang gumaganap ng lahat na kalugod-lugod sa Ama, pati na ang paglalang sa sanlibutan, ang pagliligtas sa sanlibutan sa kapahamakan at sa pagbibigay at pagsasalo ng mga taong sumasampalataya sa Kaniya sa buhay na walang hanggan. Kung gusto mong makasama sa buhay ng pagsasama ng tatlong magkakabukod na Persona sa uring Dios, kinakailangang maging "All for Jesus" ka sa pagtatalaga mo ng iyong lahat sa Panginoong Jesucristo.
- B. **Loving.** Sila ay nabubuhay na pagibig. Sa 1 Jn. 4:8, 16 ay mayroon pagkakauri ng Dios na pagibig na sinasabi, "God is love". Ang pagkakataguri ng Dios ay ang Dios ay laging pagibig. Love is predicated of God.
1. Ngayon, hindi maaaring magkaroon ng pagibig kung wala ang triadic relationship o tatsulok na kaugnayan na mayroong LOVER, mayroong BELOVED at mayroong LOVE BOND. Sa Bible, mayroong umiibig, ang Dios Ama; at mayroong iniibig, ang Dios Anak; at mayroong buklod ng pagibig, ang Dios Espirito Santo. (2Cor. 13:14 The grace of the Lord Jesus Christ, and the love of God, and the communion of the Holy Ghost, be with you all. Amen.) Doon sa Jn. 17:24 ay sinasabi ng Dios Anak na bago pa itinatag ang sanglibutan iyong Dios Ama ay inibig na Niya iyong Dios Anak. Ito rin ang ipinapahayag ng Dios Ama patungkol sa Dios Anak na sinasabi, "ito ang Aking sinisintang Anak na Aking kinalulugdan (Matt. 3:11-17; 17:1-5). At dahil iniibig ng Dios Ama ang Anak, kaya Niya ibinigay ang lahat ng bagay doon sa Anak (Jn. 3:35).
  2. Sa kanilang tatlo, walang makasarili at dahil sa pagkakaibig ng Ama doon sa Anak, ibinigay ng Ama ang Kaniyang lahat sa Anak (Col. 1:19). Kaya sa kawalang hanggan pa man, "All for Jesus" na ang God the Father. At iyong Dios Espirito Santo naman, sa Kaniyang pagpapatibay at pakikipagkaisa sa pagibig ng Ama sa Anak at sa pagkakalugod ng Anak sa Ama ay ibinuhos Niya ang Kaniyang sarili ng tudo sa Dios Anak (Heb. 1:8-9; Jn. 3:34) sapagkat ang Espirito Santo ang buklod ng pagibig ng Ama doon sa Anak at buklod ng pagkakaibig-ibig niyong Anak doon sa Ama. Kaya iyong Anak, doon pa man sa kawalang hanggan ay "Anointed" na ng Holy Spirit. iyong Dios Anak, eternal Christ na doon pa man sa kawalang hanggan.
  3. Ito ang loving relationship between the three members of the Trinity in eternity prior to the creation of the world by God the Son. The Trinity love each other by:
    - a. Voluntary, reciprocal self-giving. Voluntary - kusang loob; reciprocal – kapuwa pagbibigay ng sarili. Ang bawat isa sa Kanila ay hindi inangkin ang Kaniyang sarili para sa Kaniyang sarili. Samakatuwid, hindi makasarili kundi ang sarili ng bawat isa sa kanila ay ibinigay saiba. Sa Col. 1:19 (generalization, for it is in the good pleasure (walang term na Father o him doon sa Greek original) that in him should all the fullness dwell; kalugod-lugod na mabuting kasiyaan na ang kapuspusan ng lahat ay tumahan sa Kaniya. kahit na uring Dios o uring anghel o uring tao o uring hayop o uring halaman o mga bagay-bagay, ang kapuspusan ng lahat ng ito ay mabuting kasiyahan para sa lahat na manahan sa Anak, ang Panginoong Jesucristo. Ang Ama mismo ay nalulugod na tumahan sa Panginoong Jesucristo. Sa Matt. 3:17; 17:1-5, iyong kaluguran ng Ama ay tumatahan sa Anak. Ito namang Anak (Jn. 17:10; 16:15), sinasabi na lahat sa Akin ay sa Ama at lahat ng sa Ama ay sa Akin. Ang ibig sabihin

ng Panginoong Jesucristo ay ang Kaniyang kapangyarihan ay hindi makasarili kundi lahat ng Kaniya ay Kaniyang ipinagkakaloob sa Dios Ama. Kaya naman Niya sinabi na lahat ng sa Ama ay sa Akin sapagkat ang Panginoong Jesucristo ay voluntary o kusang loob na gusto Niya na sundin ang kagustuhan ng Dios Ama. Kaya ang Dios Anak ay kalugod-lugod sa Dios Ama dahil lahat ng kasiyahan ng Dios Ama ay siyang ginagawa ng Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo. Ang kagustuhan ng Dios Ama ay ang lahat ay sa Anak mabigay ang lahat. Kaya iyong Anak na iyon ang Siyang mananautan, gagampan, babalik upang ang Panginoong Jesucristo ang manungkulan bilang lahat sa lahat (Col. 3:11). Sa kabilang dako sa Jn. 3:34 ay itinuturo na ang Espirito Santo ay walang sukduhan na sukat na ibinigay sa Panginoong Jesucristo. Pumayag naman ang Espirito Santo na Siya ay maibubuhos, maibigay ng todo sa Dios Anak. Kaya hindi rin makasarili ang Dios Espirito Santo. Ibinigay din Niya ang Kaniyang lahat sa Panginoong Jesucristo. At ang Panginoong Jesucristo ay binibigyan daan naman ang kagustuhan ng Dios Espirito Santo. Itong tatlong magkakabukod na Persona ay walang tunggalian sa isa't isa, walang paligsahan. Sa halip ay mayroon silang cooperation. Sila ay gumagawa na nagkakaisa, sila ay nagbibigyan at bigayan ng lahat sa isa't isa.

Iyan ang pagiral ng pagibig. Kaya kung ikaw ay sasama ditto sa buhay ng tatlong Personang ito ng Ama, Anak at Espirito Santo, hindi ka rin maging makasarili. Ang kaparaanan ng buhay mo ay hindi palaban ka sa kanila. Kinakailangang sumangayon ka sa kagustuhan ng Dios Ama na lahat ay maibigay at maidevoto sa Dios Anak na si Jesucristo. Idevoto mo ang iyog lahat sa Panginoong Jesucristo sapagkat Siya ang may tangan at mananagutan at magiging lahat sa lahat sa buhay mo. At iyon naman ay pagtitibayin ng Espirito Santo na Siya ang nagpapatunay ng ginampanan ng Anak na si Jesucristo.

- b. Mutual in-dwelling. Iyong pagtahan ng bawat isa sa 3 Persona sa isa't isa. Sagayon pa rin sa Col. 1:19, ang mabuting kasiyahan para sa lahat ay ang kapuspusan ng lahat –hindi lamang kapuspusan ng Ama, hindi lamang kapuspusan ng Anak, kundiang kapuspusan ng lahat ay doon tumahan sa Anak. Sa Jn. 17:10-23, ang kagustuhan ng Ama ay doon sa Anak tatahan ang lahat. Sa Jn. 16:15 sinasabi ng Anak na ang lahat sa Ama ya sa Kaniya at lahat naman sa Anak ay sa Ama. (Jn:10-21) ang kauwian nito sa Anak lahat tatahan. Kaya ang Espirito Santo ay doon tumatahan sa Anak ayon sa kagustuhan ng Dios Ama at bilang pagsangayon naman sa kagustuhan ng Ama na ang lahat ay doon sa Dios Anak tatahan. Samakatuwid, wala ditto ang introvert. Wala ditto ang makasarili. Lahat sila ay extrovert. Ang tatlong ito ay palabas patungo sa iba. Reaching out to the other. Nagmamalasakit sa iba. Ito ang altruistic disposition. Ito ay papangyarihin mo sa iyong buhay bilang ito ay pakikipagkaisa mo sa Trinity na ang lahat ay gagawin na para sa Panginoong Jesucristo.

- c. Complementing one another. Complementary relationship – sinoman sa 3 Persona, Ama, Anak, Espirito Santo ipino-focus ang parangal, hindi sa sarili. Ang Dios Ama, ang binibigyan ng parangal ay ang Anak. Ang Espirito Santo (Jn. 16:7-15), lahat ng trabaho ng Holy Spirit ay to glorify the Lord Jesus Christ. Ang Dios Anak naman (Jn. 14:13-14) ay gagawin Niya ang idinadalangin mo sa Kaniya upang ang Dios Ama ay maluwalhati doon sa Anak kung sa Panginoong Jesucristo nagdedevotion at dumadalangin. Kaya ang Kanilang complementary relationship ay defined ng pagiging “All for Jesus” ng Trinity.

Kung sumasama ka sa Trinity at sa Kanilang buhay na pangwalang hanggan ay kinakailangang ikaw ay maging “All for Jesus” upang ang iyong buhay ay nasa complementary relationship ng Trinity where everyone is devoted totally to the Lord Jesus Christ

- C. **Covenanting.** Doon sa kawalang hanggan ay hindi lamang sila nabubuhay nang magkakasama kundi dahil sa kanilang pagka-pagibig o pagiral ng pagibig sa Kanila ay Sila ay nasa walang hanggan pagkakasundo. Sila ay nasa walang hanggan kasunduan at Sila ay mayroong walang hanggan kasunduan. They have an eternal agreement or everlasting covenant. (Heb. 13:20; 9:14; 1:8-9; Eph. 1:3-23; Col. 1:15-21; 2 Tim. 1:8-10).
1. Sa kanilang walang hanggan kasunduan na kapahayagan lamang at pagpapairal ng pagibig sa kanilang ugnayan sa isa't-isa ay ang lahat ay itinalaga na ng Ama doon sa Anak. (Jn. 17:10 And all mine are thine, and thine are mine; and I am glorified in them. Col 1:19 For it pleased the Father that in him should all fulness dwell; Eph 1:10 That in the dispensation of the fulness of times he might gather together in one all things in Christ, both which are in heaven, and which are on earth; even in him:) Ang kauna-unahang nagkaroon ng disposition at kapasiyahan na pangwalang hanggan na italaga ang lahat sa Panginoong Jesucristo ay ang Dios Ama. Ang Dios Ama ang kauna-unahang "All for Jesus" kaya kung sinasabi mo na ikaw ay kumukumpurme sa disposition ng kalooban ng Dios Ama, itatalaga mo rin ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo. Kung hindi ka pa "All for Jesus", kinontra mo ang kalooban ng Dios Ama na ang lahat ay maitalaga sa Kaniyang sinisintang Anak, ang Panginoong Jesucristo.
  2. Ito namang Dios Espirito Santo, sapagkat pinagtibay Niya ang pagkakaibig-ibig ng Anak doon sa Ama, kaya ibinuhos Niya ang Kaniyang sarili sa pagkasi, una sa pagpapatibay doon sa pagkakatalaga ng Ama ng lahat doon sa Anak at sa pagkasi sa Anak upang maging kalugod-lugod doon sa Ama. Kaya ang Espirito Santo ay ibinuhos Niya ng tudo ang Kaniyang sarili doon sa Dios Anak. Kaya doon pa man sa kawalang hanggan ang Anak ay Cristo na. Sa Heb. 1:8-9, dahil ang Anak ay umibig sa katuwiran at napopoot sa kalikuan, Siya ay nilangisan ng langis ng kagalakan. Lyon ang symbol of the Holy Spirit na ipinagkaloob ng Dios Ama at ibinuhos ang Dios Espirito Santo sa Anak dahil sa character ng Anak na sinasabi ng Ama na "Thou hast loved righteousness and hatest iniquity". Ito ang paiiralin ng Dios Anak sa Kaniyang walang hanggang kaharian na sumasakop hindi lamang sa kawalang hanggan kundi sa sanlibutan na lalalangin ng Dios Anak ayon sa kagustuhan ng Dios Ama.
  3. Kaya itong walang hanggang kasunduan (everlasting covenant, Heb. 13:20; 9:14) ng Dios Ama at Dios Anak at Dios Espirito Santo ay "**Trinitarian All For Jesus Covenant**" na ang lahat ay itinalaga na nasa Dios Anak, isinalin na, ipina-ako na ang lahat sa Dios Anak upang itong Dios Anak ang makatarungang maging lahat sa lahat (Col. 3:11). Kaya nga ang Panginoong Jesucristo, ang pagmulaan ng lahat (Alpha) at ang Panginoong Jesucristo ang pagdaraan ng lahat (the Way) at ang Panginoong Jesucristo ang paghahantungan ng lahat (Omega) upang Siya ang maging lahat sa lahat. Siya rin ang mamamagitan buhat sa Ama tungo sa sanlibutan at buhat sa sanlibutan tungo sa Ama upang ang lahat ay maidevoto sa Panginoong Jesucristo. At ang lahat ng nilalang na magdedevoto ng kanilang lahat sa Panginoong Jesucristo bilang pagsangayon sa kagustuhan ng Dios Ama at sa pagaalinsunod sa pagkasi at pagakay ng Dios Espirito Santo, ang Panginoong Jesucristo, ang Dios Anak na nagkatawang tao, ang Siya nilang magiging kaligtasan, buhay na walang hanggan at kaluwalhatian magpakailanman. Kaya kung nais mo na makasama ng Dios Ama at Dios Anak at Dios Espirito Santo hanggang sa kawalang hanggan, italga mo ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo.
  4. Bahagi ng walang hanggan kasunduan ng Dios Ama at ng Dios Anak at ng Dios Espirito Santo ay ang pagkapagbigay ng Dios Ama sa Dios Anak na ang ibinigay ay ang Dios Espirito Santo. (Jn. 3:34; Col. 1:19; Jn. 17:10; Jas. 1:17)
    - a. Sa Jn. 3:34 - for God giveth not the Spirit by measure *unto him*. (KJV) Sapagkat ibinigay ng Dios ang Espirito nang walang sukduhan o sukat (sa Kaniya). Hinihingi ng katuturan ng pangungusap na dahil may nagbibigay, may ibinigay, mayroon

- ding pinagbigyan. Ang nagbibigay dito ay ang Dios Ama at ang Espirito ang ibinigay nang walang sukat. Kanino ibinigay? Sa larangan ng katuturan ng pangungusap, ang pinagbibigyan ay ang sinugo. Ang sinugo ng Dios ay ang Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo. Ang sinugo ay Siyang buhat sa taas (Jn. 8:23 And he said unto them, Ye are from beneath; I am from above: ye are of this world; I am not of this world.) at Siyang laging mataas sa lahat (Jn. 3:31 He that cometh from above is above all: he that is of the earth is earthly, and speaketh of the earth: he that cometh from heaven is above all.). Ang sinugo ng Dios Ama na buhat sa itaas ay ang Panginoong Jesucristo. Sa ebanghelyo ayon kay San Juan, ang tinutukoy na isinugo ng Dios Ama ay ang Dios Anak na si Jesucristo (Jn. 3:16-17) ang tanging Anak na kauri (monogenes [of one kind or same essence] uihos, only begotten Son; nagiisa na kauri, wala nang ibang kauri)<sup>1</sup>.
- b. Itong pagkatangi ng Anak nitong Panginoong Jesucristo ay tanging Anak na kauri iyong nagsugo, iyong Dios Ama. Iyong Dios Ama ay nagsugo ng kauri na Dios ng Ama na Dios, ito ang Dios Anak. Iyong Ama na nagsugo ay uring Dios. ang isinugo ay ang Anak na uring Dios, ang Panginoong Jesucristo. Kaya sa Jn. 3:31, ang nagbuhat sa itaas na naparito ay laging mataas sa lahat, ito ang Anak na kauri ng Ama. Iyong Ama ay Dios kaya iyong Anak ay Dios, ang Panginoong Jesucristo. Siya iyong tinutukoy na pinagbigyan ng Dios Ama ng Dios Espirito Santo.
  - c. Paano ang pagkakapagbigay sa Kaniya ng Espirito Santo? Ibinigay na walang sukat (ek metron, out of measure, labas sa anomang sukat). Ang sukat ay nagtatakda ng limitation o pagkakaroon ng sukdulan. Kapag sinabing labas sa anomang sukat, iyon ay walang sukdulan. Kaya ang pagkakapagbigay ng Dios Ama ng Dios Espirito Santo sa Dios Anak ay walang sukdulan (infinitely). Todo ang pagkakapagbigay. Samakatuwid, ang kaganapan nitong pagkakapagbigay na ito ay sa larangang walang hamnggan dahil ito ay walang sukdulan. Hindi ito sa larangan lamang ng sanlibutan dahil ang sanlibutan ay may simula at maykatapusan. Kaya bago pa natatag ang sanlibutan ay ibinigay nan g Dios Ama sa Dios Anak itong Dios Espirito Santo. (Heb. 1:8-9) Kaya ito ay bahagi ng kanilang walang hanggang kasunduan sapagkat nangyari sa kawalang hanggan bago pa itatag ang sanlibutan. Sapagkat sangayon sa Jas. 1:17, ang Dios Ama ay walang pagiiba ng gawi (invariant). Ibininigay ng Dios Ama ang walang hanggang sukdulan ang Dios Espirito Santo doon sa Dios Anak na si Jesucristo. Kaya hindi na babawiin niyan ng Dios Ama at iyan ay nagkaroon ng kaganapan doon pa man sa walang hanggan bago pa natatag ang sanlibutan sapagkat kagustuhan ng Ama na lahat ng kapuspusan ay sa Dios Anak tumahan (Col. 1:19; Eph. 1:9-10). Kaya sinabi ng Panginoong Jesucristo sa Jn. 17:10 na lahat ng sa Ama ay ibinigay ng Ama doon sa Anak, ang Panginoong Jesucristo, kasama iyong Dios Espirito Santo na ibinigay ng Ama doon sa Anak.
  - d. Kaya dahil dito, doon pa man sa walang hanggan ay mayroon magkakabukod na 3 Persona na nasa uring Dios. at hindi lamang ang sarili ng Dios Ama at lahat sa Dios Ama ang ibinigay Niya sa Dios Anak na si Jesucristo kundi pati ang Dios Espirito Santo ay tudong ibinigay ng Ama doon sa Anak at iyan ay bahagi ng kanilang walang hanggang kasunduan na ito ay lalong tumitingkad ang katuruan sa Banal na Kasulatan na gusto ng Dios Ama na ang lahat ay matalaga sa Dios Anak na si Jesucristo at gusto ng Dios Espirito Santo na lahat ay mabuhos at matalaga sa Dios

---

<sup>1</sup> Iyong mga anghel ay “anak ng Dios” bilang nilalang ng Dios Anak na si Jesucristo (Jn. 1:6; 2:1). Si Adan ay anak ng Dios (Lk. 3:38) bilang nilalang ng Dios Anak at ang mga mananampalataya na nagsitanggap sa Panginoong Jesucristo (Jn. 1:12) ay mga anak bilang inampon o binigyan ng karapatan na maging anak ng Dios at ang nagbigay sa kanila ng karapatan na maging anak ng Dios ay ang Panginoong Jesucristo.

Anak. Kung susundin mo ang gawain ng Espirito Santo sa Jn. 16:7-15, ang kabuuan ng gawain ng Espirito Santo ay ihantong at italaga ang lahat sa Panginoong Jesucristo. Kaya kung sinasabi mo na ikaw ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espirito Santo at ang iyong gawain ay kinakashan ng Espirito Santo ay idedevoto mo ang iyong lahat sa Panginoong Jesucristo.

- e. Sumasangayon ka ba, ginagawa mo ba ang ganiyang kaayusan na ang lahat sa lahat mo ay maitalaga mo sa Dios Anak, ang Panginoong Jesucristo? Ang Dios Ama ay itinalaga ang Kaniyang lahat sa Dios Anak at ang Dios Espirito Santo ay ibinuhos, itinalaga ang Kaniyang lahat sa Dios Anak na si Jesucristo at ito ay walang sukdulan na pagkakalaan at pagkakapagbigay ng Kaniyang sarili sa Panginoong Jesucristo. Bakit? Sapagkat ang dapat pagukulan ng lahat ay ang Panginoong Jesucristo. Siya ang Alfa at Siya ang Omega. Siya ang pasimula at Siya ang tagapamagitan at Siya ang kahulihulihan at Siya ang sukdulan ng lahat. Kaya ang dapat paghantungan ng lahat sa lahat ay walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo sangayon sa walang hanggang kasunduan ng 3 magkakabukod na Persona na nasa uring Dios.